

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Lungsod ng Brampton magpapasimula ng Patakaran sa Pagbabakuna para sa mga empleyado

BRAMPTON, ON (Setyembre 1, 2021) – Kasunod ng Special Council Meeting sa araw na ito, isusulong ng Lungsod ng Brampton ang patuloy na pagsisikap para ipatupad ang Patakaran sa Pagbabakuna para sa lahat ng staff ng Lungsod ng Brampton.

Mula sa pag-uumpisa ng COVID-19, nakipagtulungan nang mabuti ang Staff ng Lungsod sa mga partner sa labour at sa mga munisipalidad ng Rehiyon ng Peel, sa ilalim ng gabay ng Peel Public Health, sa pagpapatupad ng hanay ng mga pamamaraan na nagbibigay ng prayoridad sa kaligtasan ng mga empleyado at publiko sa paghahatid ng mga serbisyo ng Lungsod. Ang patakaran na ito ay susunod sa kaparehong pamamaraan, tumutulong sa pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng staff ng Lungsod at kanilang mga pamilya, at tinitiyak na ligtas na maipagpatuloy ng lungsod ang paglilingkod sa komunidad nito habagb pinoprotektahan laban sa COVID-19.

Ikukunsidera rin ng patakaran ng Lungsod ang impormasyon na inanunsiyo sa araw na ito ng Pamahalaan ng Ontario na mangangailangan ng patunay ng pagbabakuna sa piling mga setting.

Bilang isa sa pinakamalaking employer sa Rehiyon ng Peel, nag-eempleyo ang Lungsod ng Brampton ng higit sa 6,000 empleyado. Committed ito sa Nakakalusog at Ligtas na lugar ng trabaho na inuuna ang kabutihan ng staff at komunidad na pinaglilingkuran nito. Ilalapat ang patakaran sa lahat ng empleyado, sa lahat ng departamento ng Lungsod.

Ang mga indibidwal na may mga eksemsyon ay i-a-accommodate sa ilalim ng Ontario Human Rights Code.

Ang kumpletong patakaran, kabilang ang mga petsa ng pagsisimula ay isasapinal sa darating na linggo.

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca

